

COVID-19: MGA KAILANGAN MALAMAN ANO ANG MANGYAYARI KUNG MAGPOSITIBO KA SA PAGSUSURI NG COVID-19

Unang hakbang: Mag-ulat

Kung nagpositibo ka, kailangan mong ipaalam sa <https://www.chp.gov.hk/cdpi> o tawagan ang "StayHomeSafe" hotline 1833 019.



Resolve: 5508 4388
Equal Opportunities Commission: 2511-8211
Empower U: info@empoweru.io
Hong Kong Women Workers' Association: 2790 4848



STEP 01



Ikalawang hakbang: Maghintay at makipag-ugnayan sa tamang ahensya o kinaukulan

STEP 02

Ang mga health care officials ay magtuturo sa iyo na mag-isolate at sasabihin sa iyo kung ano ang dapat gawin.

- ▶ Hotline ng Hong Kong Labour Department para sa mga Foreign Domestic Helper: 2157 9537
- ▶ Hong Kong Immigration Department, Foreign Domestic Helper's Section: 2111 8435
- ▶ Philippine Overseas Labor Office: 5529 1880
- ▶ Overseas Workers Welfare Administration: 3483 0600 Emergency Hotline: 6345 9324

Ikatlong hakbang: Saan mananatili


- ▶ Kung dalawang beses kang nabakunahan, dapat kang bumukod sa ibang tao nang 6-7 araw. Kung negatibo ang pagsusuri mo sa ika-6 at ika-7 araw, maaari ka nang bumalik sa iyong pang-araw-araw na buhay.
- ▶ Kung hindi ka nabakunahan: kailangang mong manatiling nakabukod sa iba hanggang ika-14 araw.
- ▶ Kung kailangan mo ng medikal na atensyon at hindi ka maaaring manatili sa bahay sa panahon ng quarantine, itatalaga ka sa isang clinic, isolation center, o ospital. Pinapayuhan ang mga tagapag-employo na tanggapin ang Isolation Order na inisyu ng Department of Health ng Hong Kong.



STEP 03

Pag alis sa quarantine center, bibigyan ka ng Department of Health ng katunayan na ikaw ay sumailalim ng quarantine. Nakasaad dito ang iyong quarantine period at kung ikaw ay nagkaroon ng COVID-19. Maaari ka ring humingi ng medical certificate.

Kung ikaw ay nasa ilalim ng working visa, ang iyong babayaran sa paggamit ng pampublikong serbisyo kalusugan ay kapareho ng mga residente ng Hong Kong (HK-resident rate).



Kung ikaw ay natanggal sa trabaho sa ibang dahilan (hindi dahil sa pagkakasakit ng Covid-19) o hindi kasalukuyang nagtatrabaho (kabilang dito ang paghihintay ng visa), hindi mo maaaring i-claim ang rate ng residente ng HK.

Dapat bigyan ka ng iyong tagapag-employo ng angkop na tirahan sa loob ng kanilang tahanan. Kung ikaw ay tinanggal sa trabaho, makipag-ugnayan sa iyong ahensya. Maaari silang mag-ayos ng tirahan para sa iyo. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa mga organisasyong naka-lista sa website na ito para humingi ng tulong sa tirahan.

COVID-19: MGA KAILANGAN MALAMAN ANO ANG MANGYAYARI KUNG MAGPOSITIBO KA SA PAGSUSURI NG COVID-19

STEP

04

Ika-apat na hakbang: Sahod

Hindi ka dapat tanggalin ng iyong pinagtrabahuhan. Tawagan ang Department of Labour, mga NGO at iyong ahensya kung hindi ka sigurado sa pagbabayad ng sahod at allowance sa pagkakasakit.

Ayon sa batas ng Hong Kong, kailangan kang bigyan ng iyong tagapag-employo ng:



- sick leave (mga araw ng pahinga pag may sakit)
- sickness allowance (pang-gastos habang may sakit) sa halagang 80% ng iyong karaniwang araw-araw na sahod kung:
 - Mayroon kang medical certificate; at
 - Ikaw ay nagkasakit nang hindi bababa sa 4 na magkakasunod na araw; at
 - Mayroon kang sapat na sick leave (bayad na araw ng pagkakasakit) na natitira
 - Ikaw ay nagtatrabaho sa ilalim ng tuluy-tuloy na kontrata
- libre at angkop na tirahan habang ikaw ay may sakit
- ibreng pagpapagamot

► Labag sa batas magtanggali sa trabaho ng isang empleyado dahil sa pagkakaroon ng COVID-19. Ang pinakamalaking multang maaring ipataw sa tagapag-employo na lumabag ng batas na ito ay HK\$100,000.

► Para sa mga karagdagang impormasyon: Tagapag-employos should not dismiss foreign domestic helpers who have contracted COVID-19 (info.gov.hk)

► Tandaan: Mahalagang panatilihin ang isang talaan ng lahat ng pakikipag-usap sa iyong tagapag-employo kung magkasakit ka. Kasama dito ang mga mensahe sa telepono, mga mensahe sa mga apps tulad ng WhatsApp, mga email at iba pa


Mga Mahalagang Contact:

Hotline ng Department of Labour ng Hong Kong para sa mga Foreign Domestic Helper: 2157 9537

Hong Kong Immigration Department, Foreign Domestic Helper's Section: 2111 8435

Philippine Overseas Labor Office: 5529 1880

Overseas Workers Welfare Administration: 3483 0600
Emergency Hotline: 6345 9324



Mga NGOs:

Buksan ang Pinto: 6179 4731

Help for Domestic Helpers: 2523 4020 Whatsapp 5936 3780

PathFinders: 5190 4886

Equal Justice: 5329 2115

Enrich: 5981 3754 para sa wikang English/Tagalog



MALUBHANG SAKIT

VERSUS

HINDI GANNOON KASAKIT



Matinding Sintomas (malubhang sakit)

Demam tinggi (diatas 100 derajat 1.Mataas na lagnat (higit sa 100 degrees Fahrenheit)

1.Pangangasul ng labi at pamumutla ng balat



Hirap sa paghinga

Sakit ng katawan

Mataas na heart rate (bilis ng tibok ng puso)

Pakiramdam na hindi komportable sa dibdib

Pagiging antukin

Problema sa mata (nagtutubig na mata o namamagang talukap)

Hindi pagtugon sa kapaligiran

Kapos na paghinga

Hindi malalang Sintomas (hindi ganoon kasakit)

Mababang lagnat (low-grade fever) at panginginig (chills)

Matinding pagod

Pagkawala ng pang amoy at panlasa

Pananakit ng ulo at iba pang mga parte ng katawan

Ubo na walang plema (dry cough)

Pangangati ng balat

Pananakit ng kalamnan



PAGPAPAGAMOT PARA SA MGA HINDI MALALA NA SINTOMAS




<Pagpapagamot para sa mga hindi malala na sintomas>

1 SA MGA OSPITAL

Makikita ang mga numero ng klinika na maaring tawagan sa link na ito.

* Maaari lamang makakuha ng appointment kapag tumawag sa hotline na ito: 1836 115.

* Mga oras na bukas ang hotline: araw-araw, 8am - 10pm



2 FIRE SERVICE DEPARTMENT (FSD)

Kung hindi malala ang iyong mga sintomas, makipag-ugnayan sa FSD at ididirekta ka nila sa community isolation facility (CIF)



Mga paraan ng pakikipag-ugnayan:

- Email ke : fsd_cif@hkfsd.gov.hk
- Whatsapp: +852 5233 1833
- WeChat account: fsd_cif

Ibigay ang sumusunod na impormasyon:

Pangalan:

Edad:

ID number:

Número ng telepono:

Tirahan:

Testing method na ginamit:

Petsa ng positibong resulta:



3 COMMUNITY ISOLATION FACILITIES (CIF)

Dadaan ka sa 14 na araw na quarantine.

- Kung angkop ang iyong sitwasyong pabahay (halimbawa: ikaw ay namumuhay nang mag-isa o walang miyembro o kasama na may mataas na panganib)

Susuriin ka sa ika-7 araw. Kapag negatibo ang resulta, maaari kang bumalik sa iyong tirahan at manatili doon hanggang ika-14 na araw. Kapag positibo, kakailanganin mong manatili sa CIF hanggang ika-14 na araw.

- Kung hindi angkop ang iyong kondisyong pabahay (halimbawa ay may mga miyembro ng sambahayan na may mataas na panganib)

Mananatili ka sa CIF sa buong quarantine period. Ikaw ay susuriin sa ika-14 na araw. Kapag negatibo ang resulta, maaari kang umalis sa CIF. Kapag positibo ang resulta, kailangan mong manatili sa CIF hanggang sa magkaroon ka ng negatibong resulta.

Kung matinidi ang iyong sintomas, tumawag kaagad sa 999 para sa ambulansya.

Sabihin sa operator na nahawaan ka ng COVID-19 at ipaalam ang iyong kondisyon.

Unahing gamutin ng mga ospital ang mga pasyenteng may mas malubhang karamdaman o mas seryosong kondisyon.

